www.kidworship.kr

# Si Zaqueo

- 13rd Story-


83Page

N A R　Sa bayan ng Jericho ay may nakatirang pinuno ng mga tagasingil ng buwis, ang pangalan nya ay Zaqueo. Sya ay napakapandak. Ang tagasingil ng buwis ay nangongolekta ng pera mula sa mga tao. Si Zaqueo ay nangongolekta ng buwis hindi lang mula sa mga mayayaman kundi pati na rin mula sa mga mahihirap. Itoý sapilitan nyang ginagawa kaya ayaw sa kanya ng mga tao at ang tawag sa kanya ay "makasalanan".


84Page

N A R　Pero habang inaayawan sya ng mga tao, lalo naman nya silang ginigipit.

**Zacchaeus**　Ha! Wala akong pakialam sa inyo! --- Siguradong ang mahalaga lang sa mundo ay pera! Wag nyong subukang laitin ang taas ko, hindi ko papayagan yan.

N A R　Ginawa nang trabaho na ni Zaqueo ang  araw araw na panggigipit sa mga tao sa paligid.

**Zacchaeus**　Magsipagbayad kayo ng mga buwis nyo! Magsipagbayad na kayo ngayon!

**Person 1**　Pakiusap! Pwede mo ba kaming bigyan ng ilang araw pang palugit? Ni wala kaming sapat na pambili ng pagkain para sa mga anak namin ngayon buwan na to. Pakiusap, bigyan mo pa kami ng konting panahon.

**Zacchaeus**　Anong pakialam ko dyan? Kung wala kayong perang pambayad edi kahit palay na lang ang ibigay nyo! Kung hindi, ipapakulong ko kayo kaagad!

N A R　Sa ganitong paraan nangikil ng buwis si Zaqueo mula sa mga tao at siya ay naging napakayaman. Lalo kinamuhian ng mga tao si Zaqueo kaya palagi syang nag-iisa.


85Page

N A R　Isang araw, dumating si Jesus sa Jericho. Gustong makita ni Zaqueo kung sino si Jesus dahil narinig nya ang tungkol sa Kanya; kung paano Nya pinagaling ang mga may sakit sa maraming bayan at kung paano nya ipinahayag ang Salita ng Diyos.

**Zacchaeus**　Sino kaya si Jesus? Dapat pumunta rin ako. Gusto kong malaman kung sino sya.

N A R　Hindi na nag-alinlangan pa at nagmadaling pumunta si Zaqueo para makita si Jesus. Pero hindi sya makalapit kay Jesus dahil sa mga taong nagtipon-tipon duon.



86Page

**Zacchaeus** Hmmm...ano kaya ang gagawin ko? Kung mas mataas lang sana ako makikita ko si Jesus....Ah-ha! Alam kona!

---

**NAR** Nakaisip ng paraan si Zaqueo!

**Zacchaeus** Kung aakyatin ko ang punong sikomoro na ito makikita ko si Jesus! Hi-ho! Hi-ho!

**NAR** At tama nga, nakita ni Zaqueo si Jesus mula sa taas ng punong sikomoro!

**Zacchaeus** Ah!, ayun, ang lalaking nakaputing damit siguro si Jesus.

---




87Page

**NAR** Habang pinapanood ni Zaqueo, huminto si Jesus sa paglalakad, tumingala sa punong sikomoro at kinausap sya.

**Jesus** Zaqueo, bumaba ka ngayon din! Kailangan kong tumuloy sa bahay mo ngayon!

**NAR** Nakipag-usap si Jesus kay Zaqueo na tulad ng isang matagal nang kaibigan. Bumaba agad si Zaqueo at masayang pinatuloy si Jesus.

---



88Page

**NAR** Pero nakita ito ng mga tao at nagsimula silang magbulong-bulungan:

**Person 2** Paanong nagawa ni Jesus na tumuloy sa bahay ng isang makasalanan?

**Person 3** Masamang tao!

**NAR** Pero hindi pinansin ni Jesus ang kanilang bulong-bulungan. Buong pusong pinatuloy ni Zaqueo si Jesus at sinabi sa kanya:

**Zacchaeus** Panginoon,dito, ngayon din ay ibibigay ko sa mga mahihirap ang kalahati ng kayamanan ko. At kung may nadaya akong sinuman, babayaran ko ng apat na beses ang kinuha ko sa kanya.

**Jesus** Zaqueo, sa araw na ito ay dumating ang kaligtasan sa bahay na ito. Ang dahilan kaya ako dumating ay upang hanapin at iligtas ang naliligaw.

---



89Page

**NAR** Tinupad ni Zaqueo ang kanyang pangako at ibinigay ang kalahati ng kanyang mga ari-arian sa mga mahihirap. Binayaran nya rin ang mga taong dinaya nya. Si Zaqueo ay tunay ngang nagbago matapos makilala si Jesus.